


# Mga Tagubilin sa Papet

Sa pang araw-araw ng Bakasyon sa Bukirin na Bible school, may puppet show gamit ang isang kabayo at tandang. Ang dalawang papet na ito ay dadalo at makikilahok sa event mo. Nasa pagtatapos ng programa ang puppet show, at ito'y ginagamit para suriin ang aralin na natutunan ng mga mag-aaral. Sobrang excited kami para ibigay ang lahat ng mga instruksyon na kailangan para gawin ang 2 papet na ito: ang kabayo at ang tandang. Gagawa sila ng higit pang saya at tutulong sa mga mag-aaral mong suriin ang aralin at umuwing handa para ikwento sa mga magulang nila kung ano ang kanilang natutunan.


1. Ipunin ang mga supply na kakailanganin mo.
    - Mga gunting
    - Lapis (para sa pag-trace ng pattern sa tela)
    - Glue (fast-acting, na gumagana sa tela: Silicone o hot glue)
    - Stuffing o palaman
    - Cardboard (opsyonal)
    - Sinulid at karayom
    - Wire: 1 ½ metro








2. I-download ang limang sheet ng pattern sa anyo ng PDF at i-print ang mga ito gamit ang 11x17 na papel o A5 para doon sa malalaki, at 8.5 x 11 na papel o A4 para naman doon sa maliliit.
    - Patern ng ulo ng kabayo
    - Patern ng mga ekstra ng kabayo
    - Pattern ng ulo ng tandang
    - Pattern ng mga esktra ng tandang
    - Pattern ng pakpak ng tandang




3. Bilhin ang telang kailangan para sa kabayo at tandang. Nirerekomenda namin ang felt, dahil matibay na tela ito at hindi naghihimulmol. Gayunman, pwede ka gumamit ng anumang ekonomikong tela na maaari mong makita sa iyong lugar. Nirerekomenda namin ang matigas at matibay na tela.
    Ang dami ng tela sa ibaba ay pagtataya lamang, dalhin ang mga pattern pagpunta sa tindahan kapag bibili ka ng tela para masiguro na may sapat kang dami.
    - Brown: ½ metro
    - Pula: 1/8 metro
    - Kahel: 1/2 metro
    - Puti: 1 metro

# Mga Tagubilin sa Kabayong Papet:




1. Gupitin ang tela para sa katawan at bibig ng kabayo.
    - Gumupit ng dalawang piraso ng katawan ng kabayo sa brown na tela.
      *Tandaan na magdagdag ng 3 sentimetro sa ilalim ng pattern.
    - Gumupit ng 1 bibig sa pulang tela.



2. Tahiin ang pangunahing mga parte nang magkakasama
    - Tahiin ang dalawang katawan ng kabayo nang magkakasama gamit ang brown na sinulid (nang hindi tinatahi nang magkasama ang bibig, o ang ilalim ng leeg kung saan mo ipapasok ang iyong kamay).
    - Tahiin ang pulang bibig sa bibig ng brown na kabayo. (Tingnan ang video para sa visual na tulong.) Gamitin ang tuktok ng triangle para i-align ang gilid nang tama.



3. Baliktarin ang tinahing kabayo, para ang lahat ng mga tahi ay nasa loob.




4. Pumili ng estilo ng tenga, buhok at ilong. Gupitin ang mga piraso gamit ang pattern o lumikha ng sarili mo.

5. I-glue ang mga tenga, buhok at ilong. Gumamit kami ng hot glue (silicone), dahil mas madali ito kaysa sa pagtahi para ikabit ang mga piraso.



6. I-glue ang kulay kahel na buhok, pagkatapos ay gumupit para makagawa ng maliliit na hibla ng buhok. I-glue ang mga wiggle eye o gumamit ng mga plastik na kutsara tulad ng pinapakita sa litrato. Gumamit kami ng mga puting disposable na kutsara para sa mata (pinutol ang hawakan nito) at isang maliit na bilog na piraso ng itim na felt para sa itim ng mata.

7. Gupitin ang tenga sa brown na tela. Pagkatapos, gupitin ang mas maliit na piraso ng tenga sa kahel kung nais. Ikabit nang magkasama ang tenga sa ibaba at pagkatapos, i-glue ito sa ulo.


8. Gupitin ang mga piraso ng ilong at i-glue ito sa harapan ng papet

9. Gumamit ng palaman ng unan para ipampalaman sa ulo. Ilagay ito sa harapan ng ilong sa loob kung saan mapupunta ang kamay mo. Pwede ka rin mag-glue ng ilang cardboard sa loob para patigasin pa ang bibig kung kailangan.

May kabayong papet ka na!

## Mga Tagubulin sa Tandang na Papet:





1. Gupitin ang tela para sa katawan at bibig ng manok.
    - Gumupit ng dalawang piraso ng katawan ng tandang sa puting tela.
      *Tandaan na magdagdag ng 10 sentimetro sa ilalim ng pattern.*
    - Gumupit ng 1 bibig sa brown na tela.



2. Tahiin ang katawan nang magkakasama gamit ang puting sinulid.


3. Magtahi ng dalawang kulay kahel na piraso ng bibig patungo sa seksyon ng bibig ng puting katawan.



4. Tahiin ang brown na bibig sa loob ng kulay kahel na tuka. Kapag tapos na ang pagtatahi, baliktarin ang papet.








5. Pumili ng estilo ng palong, mga balbas at mata. Gupitin ang mga piraso gamit ang pattern o gumawa ng sarili mo.

6. I-glue ang palong, balbas at mata. Gumamit kami ng hot glue, mas madali ito kaysa sa tahi para ikabit ang mga piraso.

7. Maglagay ng kaunting palaman sa ulo kung nais.

8. Itahi o i-glue ang mga pakpak sa dalawang gilid ng papet mo.



9. Gumamit ng maliit na parisukat ng puting tela para i-glue sa tuktok ng wire. Gumamit ng silicone glue o hot glue para i-trap ang wire sa pagitan ng tela, mananatili ito nang mahusay.

May manok na papet ka na!

